

Low-fat, low-sugar ice cream technology ng DOST-FNRI, tampok sa online seminar series ng DOST-IV A

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Ibinida ng Provincial Science and Technology Center (PSTC)-Batangas sa kanilang TechSilog Online Seminar Series noong ika-9 ng Marso 2021 ang low-fat, low-sugar ice cream technology na dinebelop ng Department of Science and Technology-Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI).

Ayon kay Richard Lo Alcaraz, science research specialist II mula sa DOST-FNRI, akma ang ice cream na dinebelop ng DOST-FNRI lalo na sa mga nagbabawas ng sugar content sa kanilang diet. Pinaliwanag nya na ang kanilang dinebelop na ice cream ay naglalaman ng 3.5% protein at 139 kcal per 100g sample, mas mababa kumpara sa regular na ice cream. Ang fat content nito ay nasa 1.7% lamang kumpara sa 5 hanggang 20% fat content ng ice cream na mabibili sa merkado. Bukod pa rito, matagal ang shelf life ng produkto. Maaari itong tumagal hanggang isang taon sa maaayos at malamig na lalagyan na di tataas sa -18C.

Sa pamamagitan ng produktong ito, layon ng DOST-FNRI na mapababa ang bilang nga

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Industriya ng Rubberwood sa Zamboanga Sibugay, inaasahan na uusbong p3

Paggamit ng research sa health ssues, isinusulong ng S&T webinar sa Rehiyon IX p4

COVID-19 Decision-Making Tool ng Rehiyon X, wagi sa National Pitch Competition

Ni Kyle Angelo T. Crispino, CEU Student

Masayang nauwi ng Region X o Southern Mindanao ang unang karangalan para sa kanilang pananaliksik na may titulo na "The Web-GRiD Project: Helping LGUs Make Better and Faster Decisions during Emergencies," sa katatapos lamang na 3-Minute Pitch (3MP) National Competition noong ika-17 ng Marso 2021.

Ang Web-based Geospatial Risk Database (Web-GRiD) Project na ito ay isang instrumentong gumagamit ng mga pagsusuring nakabatay sa heograpiya at susuporta sa mga pamamaraan ng pagtukoy sa magkakaibang katangian ng isang partikular na lokasyon. Ang mga impormasyong ito ay makatutulong upang masigurado ang kanilang hakbangin ay naangkop at mayroong maayos na pagpapalano.

sundan sa pahina 2



Pinapaliwanag ni Dr. Itchon ang kanyang policy na pinamagatang "The Web GRiD Project: Helping LGUs Make Better and Faster Decisions during Emergencies" sa 3MP to Policymakers Competition na isinagawa sa ika

Covid-19...

Mula sa pahina 1

Layunin din ng pag-aaral na tulongan ang mga siyentipiko ng maayos at napapanahong rekomendasyon sa lokal na pamahalaan.

Ito ay pinamunuan nina Dr. Gina S. Itchon, Engr. Dex S. Lo, at Engr. Jefferson R. Vallente Jr. mula sa Xavier University – Ateneo de Cagayan (XU). Kabilang din ang kanilang unibersidad sa Northern Mindanao Consortium for Health Research and Development (NorMinCoHRD), isang unyon ng mga dalubhasang nakatuon sa pagpapalakas ng mga pananaliksik tungkol sa sektor pangkalusugan sa kanilang rehiyon.

Kaugnay nito, ang proyektong ito na pinangunahan ng mga propesyonal sa Northern Mindanao, ay isang malaking ambag na maituturing sa laban kontra COVID-19. Bilang isa sa mga layunin ng naturang pag-aaral ang tulongang bumuo ng siyentipiko, napapanahon, at matalinong pasya ang lokal na pamahalaan, nasisiyuro nitong angkop at totoo ang mga impormasyong mababati ng publiko.

Ayon kay Dr. Itchon, kasalukuyan ng ginagamit ng lokal na pamahalaan ang Web-GRiD bilang bahagi ng kanilang pagpapalano at tamang pagresponde para sa COVID-19. Ang pag-aaral ay napatunayang nakatutulong hinggil sa ilang mga desisyon ng lokal na pamahalaan kagaya ng granular lockdowns.

Sa kabilang banda, nakatuon sa pagtatanghal ng mga natapos na pag-aaral sa sektor ng pangkalusugan, gayundin sa paggamit at paglinang ng kakayahan ng mga mananaliksik, ang 3MP National Competition. Hinihikayat nito ang mga kalahok na ipaunawa at ibenta ang kanilang mga pag-aaral sa iba't ibang stakeholder at policymaker sa loob lamang ng tatlong (3) minuto. Sa nasabing kumpetisyon, naipapakita sa publiko ang kahalagahan ng pananaliksik hinggil sa pagbuo ng mga polisiya makakabuti sa ating bansa.

Samanta, binanggit naman ni Dr. Cecilia Cristina Santos-Acuin, Research Utilization Committee Chairperson sa Philippine National

Health Research System (PNHRS), ang gampanin ng kompetisyon bilang susi sa pambansang kaunlaran. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng malalimang pag-alam sa pagsasaliksik nang naayon sa puso – na yakapin ang tatlong minutong tagal ng panahon bilang isang ginintuang sandali upang ipahayag ang mga pakinabang nito sa mga namumuno at gumagawa ng patakaran sa bansa.

“When you’re pitching to a policymaker, most of the time you won’t have the opportunity to have a script, so you have to know your material by heart and you have to organize your thoughts in your head even without a script,” ani Dr. Santos-Acuin.

Ito na ang ikatlong beses na itinanghal ang Northern Mindanao bilang national pitch winner, alinsunod sa kanilang unang pagkapanalo taong 2019. Pinatunayan ng proyekto ang angking pag-iral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malaking parte sa inaasam na pambansang kaunlaran.

Low-fat...

Mula sa pahina 1

mga Pilipinong overweight at may diabetes. Sa tala ng DOST-FNRI, lalong tumataas ang bilang ng mga obese at overweight na may diabetes sa Asia. Base sa 8th National Nutrition Survey noong 2013 ng DOST-FNRI, tatlo sa sampung Pilipino ang overweight o di kaya ay obese, samantalang isa sa bawat 16 na indibidwal naman ang may diabetes.

Dagdag pa ni Alcaraz, malaki ang potensyal ng low-fat, low-sugar ice cream ng DOST-FNRI. Aniya, marami ang tiyak na tatangkilik ng produktong ito lalo sa mga indibidwal na nagnanais ng mas healthy na option pagdating sa pagkain. Sa online series seminar, pinaliwanag ni Alcaraz na ang mga interesadong adoptor ng produkto ay kailangang magkaroon ng production facility na nasa PhP 400,000 hanggang PhP 3 M, depende sa laki ng produksyon. Sa kompyutasyon ng DOST-FNRI, ang suggested selling price ng produkto ay maaaring nasa PhP 150 per gallon o PhP 14 per cone (soft serve) kung ang projected na production capacity ay nasa 9,000 cones per month.

Para sa mga interesadong adoptors, nagkakahalaga nang PhP 15,000 ang



ABOUT THE TECHNOLOGY	
R&D Cost:	P1.1M
Equipment Cost:	P400K-P3M (Depending on scale of production)
Proposed selling price:	P150/half gallon P 14/cone
Technology Licensing fee:	P15,000.00



Tampok ang low-fat, low-sugar ice cream technology ng DOST-FNRI sa TechSilog Online Seminar Series ng PSTC-Batangas. (Screenshot mula sa PSTC-Batangas)

licensing fee ng low-fat, low-sugar ice cream technology. Nagsisimula sa PhP 5,000 hanggang PhP 100,000 ang licensing fee ng mga technology ng DOST-FNRI. Ito ay depende sa technology na nais i-adopt ng kliyente. Bukod dito, mayroon ding libreng technology ang DOST-FNRI na maaaring i-adopt.

Samantala, nagpahayag naman ng pasasalamat si PSTC-Batangas Director Felina C. Malabanan sa mga dumalo sa TechSilog Online Seminar Series na nagtatampok ng mga DOST-developed technologies. (Impormasyon mula kay John Maico M. Hernandez, PSTC-Batangas)

Industriya ng Rubberwood sa Zamboanga Sibugay, inaasahan na uusbong

Ni Jannela Kyla O. dela Peña, *CEU Media and Communication Department*
Mga Larawan mula sa DOST-FPRDI

Unti-unti nang nararamdaman ng mga rubber farmers sa probinsya ng Zamboanga Sibugay ang bunga ng mga inisyatibo ng Department of Science and Technology-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) para sa kanilang kabuhayan.

Sa loob ng tatlong taon, sumailalim sa mga pagsasanay ang mga miyembro ng Tambahan Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative (TARBEMCO) hinggil sa epektibong paggawa at pagbuo ng mga furniture o kasangkapan sa bahay mula sa mga luma at hindi na napapakinabangan na rubber wood trees. Kabilang sa mga pagsasanay na ito ay ang tamang pag-aani at pangangalaga ng mga rubberwood trees, kiln drying, pagkukumpuni at pangangalaga ng makina para sa wood working.

Sa kasalukuyan, nag-uumpisa ng gumawa at magbenta sa kanilang lugar ang mga miyembro ng TARBEMCO ng mga kabinet, upuan, lamesa at iba pang kagamitan sa ating pamamahay.

"Zamboanga Sibugay locals are accustomed to using senile rubberwood trees for low-value products such as fuel wood, pallets and crates. Thru the DOST-FPRDI project, they learned to

sundan sa pahina 4

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist/Photo Editing

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

FERDINAND M. CARTAS
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.



Center table with drawers



Table that can be transformed into a bench

Paggamit ng research sa health issues, isinusulong ng S&T webinar sa Rehiyon IX

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII



ZCHRD-AdZU
Research Utilization Webinar Series

Research Utilization in the CoViD-19 Era:
Urgency and Practicality

18 March 2021 (Thursday), 1:30-4:00pm

Speaker:
DR. NORVIE T. JALANI
Chair, ZCHRD-RAMC
Medical Specialist, ZCMC

(Larawan mula sa DOST-IX)

pinamagatang “Research Utilization in the COVID-19 Era: Urgency and Practicality.” Ang nasabing session ay bahagi ng 8 S&T webinars patungkol sa research utilization.

Pinagtuanan nang pansin sa webinar ang pagpapakita ng halaga ng research utilization sa COVID-19 at sa iba pang health concerns, maging ang epekto nang hindi na maayos na paggamit sa research data.

Pinangunahan ni Dr. Norvie T. Jalani, research chairperson for the ZCHRD-Research Agenda and Management Committee, and Research Manager/Medical Specialist of Zamboanga City Medical Center (ZCMC) ang diskusyon sa naturang webinar.

Bukas at libre para sa lahat ng interesadong manonood ang eight-part webinar na ito na layon ding tipunin ang mga research-inclined individuals at organizations upang magkaroon ng maayos na diskurso at mapaigting ang kultura ng maayos na paggamit ng research data.

Para sa karagdagang impormasyon sa ZCHRD-AdZU Research Utilization Webinar Series, maaaring tumawag sa (062) 955-3654 o sa 0995 1548 865 at hanapin si Marielle Atilano, o mag-email sa zchrd@ro9.dost.gov.ph o bisitahin ang DOST-IX Facebook page at www.facebook.com/DOSTRegion9. (Impormasyon mula kay Marielle Atilano, DOST-IX)

Sinimulan ng Zamboanga Consortium for Health Research and Development (ZHCHRD) at ng Ateneo de Zamboanga University-Research Office (AdZU-RO) ang webinar tungkol sa research utilization upang mas mapagusapan ang kahalagahan

ng maayos na paggamit ng research sa pagsasaayos ng kasalukuyang health concerns.

Mahigit sa 70 na mga participant mula sa sampung institusyon sa rehiyon ang dumalo sa webinar noong ika-18 ng Marso 2021 na

Industriya ng... Mula sa pahina 1

make high-value products which could sell for a competitive price,” paliwanag ni Engr. Victor G. Revilleza, ang tumatayong project leader.

Dagdag pa niya, may magagandang karakter ang rubberwood na nagpapatibay at nagpapataas sa kalidad ng mga mabubuong kasangkapan sa bahay, mga materyales sa pagbabalot, at iba pang mga produkto mula sa kahoy.

White at pale cream ang kulay ng rubberwood pero pag natuyo na, nagiging light brown na ito. Matibay rin ito kaya akmanang gawing kahoy para sa paggawa ng furniture.


Samantala, nagtayo rin ng Rubberwood Processing Center sa Naga, Zamboanga Sibugay ang DOST-FPRDI na may kumpletong



Cabinet

pasilidad para sa mga proseso mula sa paglalagari hanggang sa finishing o pagpupulido ng produkto.

Para sa mga interesadong bumili ng mga nasabing produkto, maaaring makipag-ugnayan kay Jonard Ansoc, manager ng TARBEMCO, sa 0965 0586690. (Impormasyon mula kay Juliemar V. Purificacion at Apple Jean C. Martin-de Leon, DOST-FPRDI)



Shelf